# 3

# MATERYALISMONG ISTORIKO

## Pambungad

Ang materyalismong istoriko ay ang paglalapat ng mga prinsipyo ng materyalismong diyalektiko sa pag-aaral sa lipunan.

Sang-ayon dito, ang ultimong dahilan at saligang pwersang nagbubunsod sa lahat ng mahalagang pangyayari sa kasaysayan ay matatagpuan sa pagkilos ng ekonomya ng lipunan, sa mga pagbabago sa sistema ng produksyon at palitan ng mga materyal na pangangailangan ng tao, sa kaakibat na pagkakahati ng lipunan sa iba't ibang uri, at sa pagtutunggalian ng mga uring iyon. Ang kalagayan at mga pagbabago sa ekonomya ang tunay na pinagmulan at pangunahing nagtatakda ng mga ideya, pananaw at institusyong pampulitika na umiiral sa lipunan.

Tanging ang materyalismong istoriko ang wasto at siyentipikong patnubay sa pag-aaral sa lipunan. Ang mga prinsipyo nito ay kinakailangang patnubay sa pag-aaral sa nakaraan, kasalukuyan at patutunguhan ng lipunang Pilipino. Mahalagang patnubay ang mga

ito sa pag-aaral at pag-unawa sa linyang pampulitika at mga patakaran ng Partido. Ang mapanlikhang pagpapatupad sa linya at mga patakaran, at ang wastong pamumuno sa rebolusyonaryong kilusan, ay nakasalig sa mulat na paggamit sa mga prinsipyo ng materyalismong istoriko sa rebolusyonaryong praktika.

Tumatagos sa buong balangkas ng paksa ang usapin ng mga uri at tunggalian ng mga uri bilang susing aralin ng materyalismong istoriko.

Ang pag-aaral sa paksa ay nahahati sa mga sumusunod na bahagi:

1) Mga saligang prinsipyo ng materyalismong istoriko, pagkakaiba nito sa ideyalismong istoriko at bakit ang tunggalian ng mga uri ang susing aralin nito;

2) Ang sistemang pang-ekonomya at ang tunggalian ng mga uri dito;

3) Ang estado at tunggalian ng mga uri sa larangan ng pulitika;

4) Ang kultura at tunggalian ng mga uri dito; at

5) Ang sosyalismo at diktadura ng proletaryado at ang paglalaho sa komunismo ng mga uri at tunggalian ng mga uri.

## A. Ang Materyalismong Istoriko at ang Ideyalistang Pananaw sa Kasaysayan

### 1. Ano ang saligang pagkakaiba ng materyalismong istoriko at ideyalistang pananaw sa kasaysayan?

Ang materyalismong istoriko at ang ideyalistang pananaw sa kasaysayan ay kapwa karugtong ng dalawang magkasalungat na pananaw sa daigdig sa partikular na usapin ng pag-unawa sa kasaysayan at pagbabago ng lipunan. Ang tunggalian ng

materyalismong istoriko at ideyalistang pananaw sa kasaysayan ay bahagi ang tunggalian ng materyalismong diyalektiko at ideyalismo.

Ang ideyalistang pananaw sa kasaysayan ay itinataguyod ng mga uring nagsasamantala at nang-aapi para bigyang-katwiran ang patuloy nilang paghahari, alipinin ang pag-iisip ng mga pinagsasamantalahan at inaapi, at hadlangan ang rebolusyonaryong pagbabago.

Ang materyalismong istoriko naman ay itinataguyod ng proletaryado para maunawaan sa siyentipikong paraan ang lipunan at kasaysayan, mailinaw ang mga obhetibong batas ng pagrerebolusyon, at matanglawan ang landas ng pakikibaka tungo sa sosyalismo at komunismo.

Magkasalungat ang posisyon ng materyalismong istoriko at ideyalistang pananaw sa kasaysayan sa sumusunod na pundamental na mga usapin:

**a. Usapin ng ultimong batayan ng umiiral na istruktura ng lipunan at ultimong dahilan ng mga pagbabago sa lipunan at pagsulong ng kasaysayan**

Ayon sa ideyalistang pananaw sa kasaysayan, ang umiiral na istruktura ng lipunan at ang mga pagbabago sa kasaysayan ay mauunawaan sa pamamagitan ng pag-aaral sa kamalayan at mga ideya ng tao at mga pagbabago rito. Ang mga pagbabago raw sa pulitika, sa lahat ng pagbabago sa lipunan, ang pinakamahalaga at nangingibabaw sa kabuuan ng kasaysayan. Mayroon pa ngang naniniwala na ang istruktura ng lipunan at ang kasaysayan ay pinagpapasyahan ng diyos o tadhana.

Salungat dito ang materyalismong istoriko. Ayon sa materyalismong istoriko, ang istruktura ng lipunan at ang kamalayan ng lipunan ay nakabase sa materyal na kalagayan at buhay ng lipunan, sa kalagayan ng produksyon at palitan ng mga materyal na pangangailangan para mabuhay ang tao. Ang tunay na ugat ng mga pagbabago sa kamalayan, mga ideya at mga institusyong pulitikal ay

dapat alamin sa mga pagbabago sa materyal na kalagayan at buhay ng lipunan, sa kalagayan at buhay pang-ekonomya ng lipunan.

Ang unang pananaw ay nagbubunga ng walang katapusang panghuhula sa mga motibo ng tao, ng suhetibong mga palagay sa kalagayan at patutunguhan ng lipunan, ng pabagu-bagong dahilan ng pagpili sa kung ano ang tunay na abante o atrasadong mga pwersa at ideya, at ng pagkalito sa mga di maipaliwanag na pangyayari (kung bakit ang isang ideya o pwersa ay nagtatagumpay sa kalaunan at kung bakit ang iba ay natatalo).

Inaalis ng materyalismong istoriko ang pabagu-bagong interpretasyon at walang batayang mga haka-haka tungkol sa kasaysayan. Ginagawa nitong siyensya ang pag-aaral sa lipunan. Naninindigan ito na ang kasaysayan ay itinatakda ng mga batas na independyente sa kagustuhan ng tao, na ang kasaysayan ay mapag-aaralan nang halos kasing-eksakto ng pag-aaral sa batas ng kalikasan. Sabi nga ni Marx, tao ang gumagawa ng sariling kasaysayan pero ginagawa niya iyon sa kalagayang itinatakda ng obhetibong mga batas na labas sa suhetibong mga kagustuhan niya.

**b. Usapin ng posibilidad ng pundamental na pagbabago sa lipunan**

Itinatanggi ng ideyalistang pananaw sa kasaysayan ang posibilidad at realidad ng pundamental na mga pagbabago sa lipunan. Karaniwan, ang iba't ibang tipo ng ideyalista ay umiimbento ng kanya-kanyang modelo ng "natural" o "ideyal" na kaayusan ng lipunan, at naggigiit na palaging ang modelong iyon—noon, ngayon at magpakailanman—ang umiral, umiiral at iiral.

Ang mga pyudalista ay may pyudal na modelo. Ang mga kapitalista ay may modelong pinaghaharian ng kapital, kalakal at pamilihan. Lahat ng uring may pribadong pag-aari at pribilehiyo ay may modelong pinaghaharian ng propriyedad at pribilehiyo. Lahat ng uring nagsasamantala at nang-aapi ay may modelong nagsasabing likas ang kanilang tipo ng pagsasamantala at pang-aapi. Ang mga kolonyalista at imperyalista ay may mga modelong pinaghaharian ng "superyor na lahi", "abanteng kultura," o "mapagkandiling

kapangyarihan." Ang mga katoliko ay may "natural" na kaayusan ng pagdadalamhati at pagtitiis na nagmula pa raw sa orihinal na pagkakasala nina Eba at Adan.

Salungat dito ang materyalismong istoriko. Itinuturo ng materyalismong istoriko na patuloy na nagbabago ang lipunan, di lamang sa anyo, kundi laluna sa esensya. Naninindigan ito para sa rebolusyonaryong pagbabago at yugtu-yugtong pag-unlad ng lipunan.

Sa kasaysayan, may mga lipunang nahahati sa mga uri at mayroong hindi. Mayroong may pribadong pag-aari at mayroong wala. Mayroong ang minorya ang naghahari at mayroong mayorya. Magkakaiba sa esensya ang mga lipunang primitibong komunal, alipin, pyudal, kapitalista, at sosyalista. May mga lipunang lumilitaw at may bumabagsak. Ganito ang aktwal na takbo ng kasaysayan.

**k. Usapin ng tunggalian ng mga uri**

Mahigpit na itinatatwa ng ideyalistang pananaw sa kasaysayan ang pag-iral at kabuluhan ng tunggalian ng mga uri.

Bakit may mahirap at may mayaman? Bakit may naghahari at pinaghaharian? Pinalilitaw ng mga ideyalista na resulta ito ng "natural" na pagkakaroon ng masipag at tamad, matalino at istupido, o kaya ng guhit ng tadhana".

Isinesermon ng mga ideyalista ang bulag na pagsunod ng mga pinaghaharian sa mga naghahari at ang pagkakasundo ng mga uri. Ipinaliliwanag nila na ang mga rebolusyon at digmaan ay resulta ng kasamaan ng isa o ilang tao, ng simpleng di pagkakaintindihan, ng masasaklap na aksidente, o ng kasamaang likas sa tao.

Sa kabilang banda, naninindigan ang materyalismong istoriko na ang kasaysayan ng lahat ng nauna at kasalukuyang umiiral na lipunan (liban sa primitibong komunal) ay kasaysayan ng mga tunggalian ng mga uri; na ang pagkakahati sa mga uri at ang tunggalian ng mga uri ay resulta ng kontradiksyon sa lipunan batay sa antas ng pag-unlad ng produksyon; na ang esensya ng tunggalian ng mga uri ay ang sistematikong pagsasamantala at pang-aapi ng naghaharing mga uri,

sa isang panig, at ang paglaban doon ng mga pinagsasamantalahan at inaapi, sa kabilang panig.

Kaya ang solusyon sa makauring pagsasamantala at pang-aapi ay hindi ang pagkakasundo ng mga uri, kundi ang pagbabagsak sa paghahari ng mga uring nagsasamantala at nang-aapi.

Itinuturo din ng materyalismong istoriko na sa esensya, ang mga rebolusyon at digmaan ay tunggalian ng mga uri, na mauunawaan lamang ang dahilan at tunay na katangian ng mga iyon kung uugatin sa relasyon at labanan ng mga uri.

Dagdag pa, pinaninindigan ng materyalismong istoriko na ang mga rebolusyon at rebolusyonaryong digma ay kailangan para makamit ang malalaking igpaw sa pagsulong ng kasaysayan.

**d. Usapin ng papel ng mga di karaniwang indibidwal—mga hari, heneral, lider o henyo**

Isa pang depekto ng ideyalistang pananaw sa kasaysayan ang pagsentro sa papel ng mga di karaniwang indibidwal—mga hari, heneral, lider o henyo.

Sa pag-aaral sa kasaysayan, makaisang-panig na idinidiin ng mga ideyalista ang papel ng mga henyong may matatayog na ideya at pangarap, ng matatapang na heneral, ng matatalinong lider. Sa tingin nila, ang pulitika ay simpleng paligsahan ng tampok na mga indibidwal para sa poder; ang digmaan ay tunggalian sa tapang at abilidad ng mga heneral; ang kaisipan ng mga tao ay hinuhubog ng mga inspiradong henyo; at ang kabuuang takbo ng kasaysayan ay pinagpapasyahan ng mga aktibidad ng mga indibidwal na ito.

Kaya sa ideyalistang pananaw sa kasaysayan, hindi malinaw o kaya'y menor ang papel ng masa. Ang mahahalagang pangyayari ay itinuturing na mga aksidente, na pinagpapasyahan ng pagsilang, kawalan o pagkamatay ng isang henyo o lider, ng wasto at maling hakbang, o kahit ng kapritso ng isang hari, heneral o lider.

Kinikilala ng materyalismong istoriko ang mahalagang papel ng di karaniwang mga indibidwal sa kasaysayan. Bilang mga pinuno o guro, nakaiimpluwensya sila sa takbo ng lipunan.

Pero hindi ito ang pinakamahalagang usapin. Ang mas saligang usapin ay kung bakit ang isang ideya ay tinatanggap at niyayakap ng masa, kung bakit ang isang sistema ng pamumuno o pakikidigma ay nagtatagumpay sa isang panahon at sa iba'y hindi, at kung ano ang saligang mga kondisyon na pinagmumulan at humuhubog sa mga ideya at kilos ng mismong mga lider at henyo. Mauunawaan lamang ang mga ito sa pamamagitan ng kumprehensibong pag-unawa sa galaw ng lipunan, ng pag-alam sa obhetibong mga kondisyon ng buhay ng masa at mga pagbabago rito, at ng pagtuklas sa gayon sa mga obhetibong batas ng pag-unlad ng lipunan.

Kaya isinesentro ng materyalismong istoriko ang pansin sa buhay ng malawak na masa, sa lahatang-panig na pag-aaral ng kalagayan, relasyon at tunggalian ng buu-buong mga uri—sa halip na sa mga partikularidad at hilig ng mga indibidwal, gaano man sila katangi-tangi.

Ang tunggalian ng mga uri ang susing aralin ng materyalismong istoriko. Para wastong maunawaan ang kalagayan at mga pagbabago ng lipunan, itinuturo ng materyalismong istoriko na dapat tuunan ng pag-aaral kung paanong ang tiyak na mga uri at kanilang tunggalian ay iniluluwal ng isang sistemang pang-ekonomya, kung paanong ang tunggaliang ito ay sinasalamin at dinadala sa buhay pampulitika at pangkultura ng lipunan, at kung paanong ang walang humpay na pagtutunggalian sa pagitan ng mga uri sa isang lipunan ay humahantong sa mga pundamental na pagbabago at patuloy na pagsulong ng lipunan.

## B. Mga Uri at Tunggalian ng mga Uri: Ang Batayan sa Ekonomya

### 1. Ano ang mga pwersa ng produksyon at relasyon sa produksyon?

Sa bawat panahon ng pag-unlad ng isang lipunan, mayroon itong depinidong sistemang pang-ekonomya o sistema ng produksyon. Ang sistema ng ekonomya ay nakikilala sa katangian ng mga pwersa at mga relasyon sa produksyon, ang dalawang aspetong bumubuo ng anumang sistema ng produksyon.

Ang mga pwersa ng produksyon ay binubuo ng lahat ng taong nagtatrabaho na may takdang antas ng kaalaman at kasanayan sa paggawa, at ng mga kagamitan sa produksyon tulad ng mga kasangkapan, lupa, hilaw na materyales, at iba pa. Ang mga pwersa ng produksyon ay tumutukoy sa relasyon ng tao sa kalikasan at mga bagay sa kanyang paglahok sa produksyon ng mga materyal na pangangailangan ng lipunan.

Sa isang takdang antas ng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, naaabot ng tao ang isang antas ng kaalaman at kasanayan sa produksyon na nakikita sa pag-unlad ng kanyang mga kasangkapan o instrumento, at sa paraan ng paggamit niya sa mga ito. Sa sistemang pyudal, halimbawa, nariyan ang araro at gilingang pinapatakbo ng mga hayop. Sa sistemang kapitalista, pinalitan ng traktora ang araro, at ang gilingan ay pinapatakbo na ng makina.

Ang mga relasyon sa produksyon naman ay tumutukoy sa mga relasyon ng mga tao kaugnay ng pagmamay-ari ng mga kagamitan, partisipasyon sa paggawa, at hatian ng mga produkto ng lipunan. Tumutukoy ang mga ito sa mga relasyon ng tao sa tao sa kanilang mga aktibidad sa ekonomya.

Walang taong nabubuhay nang mag-isa at hiwalay sa lipunan. Sa paghahanapbuhay ng bawat tao, pumapasok siya sa takdang relasyon sa iba kaugnay ng pagmamay-ari sa mga kagamitan, at bunga nito, sa takdang mga relasyon kaugnay ng pagtatrabaho at ng hatian ng mga produkto ng lipunan.

Kaya sa esensya, ang mga relasyon sa produksyon ay makikita sa relasyon ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon. Sa sistemang pyudal, halimbawa, ang malalawak na lupain ay pag-aari ng mga panginoon, at ang magsasakang walang lupa ay kailangang pumasok sa relasyong kasamá para mabuhay. Sa sistemang kapitalista, pag-aari ng mga kapitalista ang mga kagamitan, sa anyo ng kapital na salapi, makinarya, pabrika at hilaw na materyales; at ang mga manggagawang walang anumang pag-aari ay kailangang magbili ng sariling lakas-paggawa para mabuhay.

Ang kontradiksyon sa pagitan ng mga pwersa ng produksyon at mga relasyon sa produksyon ang panloob na kontradiksyong nagpapasulong sa produksyon at buhay pang-ekonomya.

Sa isang sistema o moda ng produksyon, may pagkakaisa at tunggalian ang mga relasyon at mga pwersa sa produksyon. Ang mga pwersa sa produksyon—bilang mas masigla at kung tutuusi'y mas mapagpasyang aspeto ng produksyon—ay patuloy na umuunlad. Umuunlad ang kaalaman at kasanayan ng tao. Naiimbento ang bagong mga kasangkapan at pamamaraan sa produksyon. Hanggang sa ang umiiral na mga relasyon sa produksyon—mula sa pagiging katugma at kondisyon ng pag-unlad ng mga pwersa ng produksyon—ay nagiging lipas na, sumasagka sa lalong pag-unlad at makasisira pa nga sa pag-unlad ng huli. Kapag naabot na ang antas na ito, humahagupit ang krisis sa ekonomya at para makaunlad ang mga pwersa sa produksyon, ang mga lumang relasyon sa produksyon ay kailangang pawiin at palitan ng bago.

Sa gayong paraan lumilitaw ang bagong sistema ng produksyon mula sa sinapupunan ng luma.

### 2. Ano ang batayan sa ekonomya ng pagkakahati ng lipunan sa mga uri?

Ang pagkakahati ng lipunan sa mga uri ay nakabatay sa mga relasyon sa produksyon, na sa esensya ay pagkakahati at relasyon ng mga uri sa produksyon.

Ang pagkakahati sa mga uri ay ang pagkakahati ng lipunan sa malalaking grupo ng tao na magkakaiba ang katayuan sa pagkakabahagi ng pag-aari ng mga kagamitan sa produksyon (lupa, hilaw na materyales, kasangkapan); sa partisipasyon sa pagtakbo ng produksyon (kung nagtatrabaho o hindi, at katangian at saklaw ng paglahok sa paggawa); at sa laki ng parte at mga paraan ng pag-angkin ng parte sa hatian ng mga produkto ng paggawa ng lipunan.

Ang pagkakahati ng lipunan sa mga uri ay paghahati nito sa mga nagsasamantala at pinagsasamantalahan. Sa isang banda, naririyan ang mga uri na dahil sa monopolyo nila sa mga kagamitan sa produksyon ay di nagtatrabaho pero umaangkin ng kalakhan ng mga produkto ng lipunan para sa sariling pakinabang. Sa kabila naman ay ang mga uring pinagsasamantalahan na wala o halos walang pag-aaring kagamitan sa produksyon, nagtatrabaho para mabuhay, at nababahaginan ng sapat lamang o kulang pa sa kanilang ikabubuhay. Sa pagitan ng dalawang dulo ng pagkakahati ng lipunan ay matatagpuan ang mga uring panggitna.

Ang tunggalian ng mga uri ay nakaugat sa magkasalungat na interes nila sa kabuhayan. Ito ay ang labanan ng mga uring nakikinabang at nagtatanggol sa lumang relasyon sa produksyon at ng mga uring nais ibagsak ang lumang relasyon sa produksyon at pangibabawin ang bago.

Ang tunggalian ng mga uring nagsasamantala at pinagsasamantalahan ay nakasentro sa pagwawakas ng partikular na tipo ng pagsasamantala sa loob ng isang sistema ng lipunan. At dahil ang pagsasamantala ay nakabatay sa partikular na tipo ng monopolyo sa kagamitan sa produksyon, ang tunggalian ng mga uri ay umiinog sa pagtatanggol at paglaban sa naturang monopolyo.

**3. Ano ang mga pangunahing sistemang pang-ekonomya o moda ng produksyon sa kasaysayan?**

Sa kabuuan, may limang pangunahing sistemang pang-ekonomya o moda ng produksyon na lumitaw sa kasaysayan ng daigdig. Ang mga

ito ay ang sistemang primitibong komunal, alipin, pyudal, kapitalista, at sosyalista.

Maikakategorya sa limang ito ang mga sistemang matatagpuan sa kasaysayan ng iba't ibang bayan. Mayroon ding mga lipunang nasa transisyon at nagtataglay ng mga katangian ng di lamang iisang sistema ng ekonomya.

Sa bawat yugto ng pag-unlad ng isang lipunan, mayroon itong partikular na sistema ng ekonomya na nagtataglay ng mga pangkalahatang katangian ng alinman sa limang pangunahing sistema. Ang pag-alam sa mga katangian ng limang pangunahing sistemang ito ay pwedeng maging gabay sa pag-aaral natin sa kasaysayan ng alinmang lipunan, kahit may mga partikularidad ang sariling landas na tinatahak nito sa pagsulong.

**a. Ang sistemang primitibong komunal**

Umiral ang sistemang ito mula ng paglitaw ng tao mga 40,000 taon na ang nakalilipas hanggang matayo ang sistemang alipin sa Ilog Euphrates at Nile, Tsina at India bandang 4,000 - 3,000 taon bago isilang si Kristo.

Napakaatrasado ng pamumuhay sa sistemang ito. Ang ginagamit ay pinakasimpleng mga kasangkapan sa produksyon tulad ng mga kinortihang bato at buto ng hayop (at sa kalaunan mga simpleng kasangkapang yari sa metal tulad ng sibat at pana). Matagal na nabuhay ang sinaunang tao sa panghuhuli ng hayop sa gubat, pangangalap ng bungang-kahoy at pangingisda. Dahil mababa ang antas ng produksyon, kailangang magtrabaho ang lahat ng pwedeng magtrabaho para mabuhay ang buong komunidad. Hindi pwedeng ang iba'y nagtatrabaho samantalang nakikisalo na lamang ang ibang pwede namang magtrabaho.

Sa gayong kalagayan na primitibo at komunal ang produksyon, walang batayan para umiral ang pagmomonopolyo sa mga kagamitan sa produksyon. At walang pribadong pag-aari, maliban sa ilang kagamitang kailangan para magtanggol ng sarili. Ang kagubatan, katubigan at lupa na pinagkukunan ng kabuhayan ay pag-aari ng

buong komunidad na palagi ring nagpapalipat-lipat para mangalap ng makakain.

Sa loob ng libu-libong taon nabuhay ang sinaunang tao sa mga primitibong komunidad na walang uri. Sa Pilipinas, ang labi ng ganitong sistema ay makikita sa ilang komunidad ng pambansang minorya—mga Ita, Dumagat, Mangyan at iba pa.

**b. Ang sistemang alipin**

Ito ang unang sistema sa kasaysayan na nahahati sa mga uri. Lumitaw ito mula sa malalaking pagsulong ng produksyon ng primitibong komunidad, mga pagsulong na nagbunga ng paghahati-hati ng trabaho, pagsasarili ng pamilya, at pagkakaroon ng pribadong pagmamay-ari.

Sa pagsulong ng kaalaman, pagtipon ng karanasan, at pagkaroon ng higit na kakayahan sa produksyon, natutunan at napaunlad ang pagbubungkal ng lupa at pagtatanim, pag-aalaga ng hayop, at iba pang mga gawain bukod sa produksyon ng pagkain, na nakasasapat para sa buong komunidad. Pwede nang malibre ang ilang tao para sa mga gawaing tulad ng pagmimina, pagpapanday, paghahabi, paggawa ng mga tulay at gusali, at iba pa. Lumitaw ang paghahati-hati ng paggawa o ispesyalisasyon sa produksyon.

Udyok ng bagong kasaganaan at paghahati-hati ng paggawa, lumitaw ang pagsasarili sa produksyon ng mga pamilya. Sumigla ang palitan ng mga produkto sa pagitan ng mga tribu at komunidad. Ang mga puno ng tribu na nangasiwa sa mga lupang komunal, sa mahahalagang kagamitan sa produksyon tulad ng patubig na pag-aari ng buong komunidad ay unti-unting kumontrol sa mga ito para sa sariling pagpapasasa at pakinabang. Lumitaw ang pribadong pag-aari ng lupa at mahahalagang kagamitan sa produksyon. Sa simula, ang pribadong pag-aari ay kunwa'y sa ngalan ng buong komunidad; at sa kalauna'y naging hayagan.

Ang mga bihag sa digmaan, na dating pinapatay o kinakain, ay hinayaang mabuhay para magtrabaho. Sila ang naging unang mga

alipin na nagtrabaho para sa kanilang panginoon bukod sa para sa sarili. Nang maglaon, maging sa mga kabilang sa tribu ay may naging alipin ng katribu bunga ng utang, paglabag sa batas o ibang dahilan. Nawasak ang primitibong komunidad, lumitaw ang uring alipin, at pumalit sa sistemang komunal ang sistema ng pwersadong paggawa ng mga alipin na pinagsasamantalahan ng mga panginoong nang-aalipin.

Sa ganitong sistema, lalong nalibre ang ibang myembro ng komunidad na paunlarin pa ang kanilang kasanayan at magsilbi sa luho ng naghaharing uri— magagarang damit, bahay, sasakyan, kagamitang personal, pambahay at para sa digma, at iba pa. Ang mga artesano at inhinyero na tumugon sa ganitong mga tungkulin ay bahagi ng gitnang uri. Kabilang din dito ang maliliit at nagsasariling magsasaka, pinalayang alipin, at mandirigma.

**k. Ang sistemang pyudal**

Ang sistemang pyudal ay pumalit sa sistemang alipin sa Europa nang bumagsak ang Imperyong Romano bandang 400 taon pagkatapos isilang si Kristo. Sa Tsina, natayo ang sistemang pyudal bandang 1,000 taon bago isilang si Kristo.

Ang pagbagsak ng sistemang alipin sa Europa ay tinampukan ng walang tigil na digma habang ang pansin ng mga panginoon ay natuon sa pananakop para pagkunan ng dagdag na alipin at buwis at ang paghahari nila ay walang tigil ding nameligro sa mga pag-aalsa ng mga alipin, pag-aalsa ng mga kolonya, marahas na alitan ng mga panginoon at pananalakay ng mga kahariang barbaro. Bumagsak ang kabuhayan ng mga "malayang" magsasaka dulot ng sapilitang serbisyo militar at pagkabaon sa utang. Ang lupain at kabuhayan ng mga "malayang" magsasaka at artesano ay sinakmal ng malalaking propitaryong gumagamit ng paggawang alipin. Ang resulta ay patuloy na kabuuang pagdausdos ng kabuhayan ng mga kabayanang pinaghaharian ng mga panginoon kahit may mga pansamantalang panahon ng pagsigla tuwing may mga bagong panalo sa digma ng pananakop.

Kasabay ng padausdos ng mga kabayanan, umunlad ang maliitang produksyong agrikultural bilang tanging kapaki-pakinabang na anyo ng produksyon. Ang mga lupain sa kanayunan ay hinati at ipinabungkal sa mga magsasakang nakikisamá. Ang mga nasakop na lupain ay inangkin ng kaharian at ipinasaka sa kasamá o di kaya'y iginantimpala sa mga tapat na tagapaglingkod bilang mga dependyenteng kaharian. Sa ligalig sa lipunan, marami sa nagsasariling magsasaka ang nagpailalim sa mga hari at sa Simbahan sa sistemang pakikisamá kapalit ng proteksyon. Ang pangingibabaw ng paggawang alipin bilang pangunahing anyo ng produksyon ay hinalinhan ng sistemang pyudal.

Sa sistemang pyudal, higit pang napaunlad ang mga kasangkapan at paraan ng pagsasaka. Sa pamamagitan ng araro, higit na lumawak ang sakahan na kayang bungkalin ng isang magsasaka. Umunlad ang ispesyalisasyon sa agrikultura tulad ng paggawa ng keso, katad at alak. Umunlad din ang pagyayaring-kamay tulad ng paghahabi at iba pa.

Susi sa ganitong pagsulong ang nagbagong relasyon sa produksyon. Sa sistemang alipin, ang paglawak ng produksyon ay iniasa sa sapilitang trabaho ng alipin, pagpapalawak sa lupaing pag-aari ng mga panginoon at binubungkal ng alipin, at digmang mapanakop at mapandambong. Sa sistemang pyudal, ang mga magsasakang nagbabayad ng upa sa lupa ay nasa katayuang pagitan ng alipin at malaya. Maaaring makabahagi sa dagdag na ani ang kasamá kaya may pangganyak sa pagpataas ng produksyon.

Gayunman, ang pangunahing katangian ng sistemang pyudal ay ang matinding pagsasamantala ng mga panginoong maylupa sa mga magsasaka, at ang tunggalian ng dalawang uring ito. Ang mga magsasakang wala o kulang sa lupa ay pwersadong magbayad ng upa sa anyo ng paggawa, at sa kalaunan, sa anyo ng produkto o salapi.

Kasabay nito, may mumunting pag-aari ng mga kasangkapang pambukid ang mga magsasaka, may maliliit na parsela ng lupa ang mga nagsasariling magsasaka, at may maliliit na talyer at simpleng

instrumento ang mga nagsasariling artesano. Katangian din ng pyudal na ekonomya ang maliitan at indibidwal na produksyon para sa sariling gamit ng pamilya at maliliit na komunidad.

✍ Tingnan din ang diskusyon sa pyudalismo sa paksang **EKONOMYANG PAMPULITIKA** at **MGA URI AT KRISIS SA LIPUNANG PILIPINO**.

**d. Ang sistemang kapitalista**

Ang pag-unlad ng produksyon sa sistemang pyudal ay nagpasigla sa kalakalan at humantong sa paglitaw ng maliliit na kapitalistang pagawaan. Subalit mas bumilis ang pagkalusaw ng produksyong pyudal, pag-angat ng kapangyarihan ng mga kabayanan at kapangyarihan ng mga komersyante, at pangingibabaw ng komersyo at salapi sa pagkadiskubre ng Amerika at pagbubukas ng bagong rutang dagat patungong India noong ika-15 hanggang ika-16 na siglo.

Sumigla ang mga bagong gawang-kamay, mga bagong paraan ng paghuhugis ng metal, at ang pagtitipon sa iisang pagawaan ng malaking bilang ng manggagawa kaakibat ang mas maunlad na hatian at pagkakaorganisa ng paggawa. Nalusaw ang hiwa-hiwalay at maliitang pyudal na pagsasaka at gawang-kamay sa paglaganap ng komersyo, paggamit ng salapi at produksyon para sa pamilihan. Hindi lamang hindi na kayang magpataas ng produksyon ang sistemang pyudal, sinagkaan pa nito ang higit pang pag-unlad ng mga pwersa ng produksyon. Ang mga magsasaka at artesano ay inilubog sa utang at pagkabangkrap ng papabigat nang papabigat na upa sa lupa, buwis, pwersahang pagtatrabaho at iba pang imposisyon para mabigyang-kasiyahan ang pagnanasa sa luho at karangyaan ng mga panginoong pyudal.

Sa pamamagitan ng pangongolonya, pandarambong, monopolyo sa komersyo at pangangalakal sa mga aliping Aprikano, naipon ang malaking kayamanan at puhunan sa kamay ng iilan. Kaalinsabay ang paglaganap ng marahas na pagpapatalsik ng mga magsasaka sa mga sakahan para matiyak ang suplay ng malaking bilang ng manggagawa

sa mga pagawaang kapitalista. Milyun-milyong ektarya ng lupain ang pwersahang ginawang mga pastuhan at taniman ng mga pananim na komersyal. Bandang huli, nang mamayani ang kapangyarihan ng burgesya sa estado, maging ang batas ay ginamit para bakuran ang malalawak na lupain at patalsikin ang mga magsasaka. Sa gayon, nakumpleto ang mga saligang sangkap sa paglawak at pangingibabaw ng sistemang kapitalista sa produksyon.

Ibayong lumaki ang pamilihan, produksyon at populasyon bunga ng malakihang produksyon para sa pamilihan, sama-samang paggawa ng daan-daan at libu-libong manggagawa, at sistematikong paggamit sa produksyon ng makina at modernong siyensya. Pero ang tubo mula sa maraming ulit na pag-unlad ng produksyon ay inaangkin ng burgesyang may monopolyo sa puhunan at mga modernong kagamitan sa produksyon. Samantalang ang mga manggagawang nagpapaandar ng industriya ay nabulid sa pagbebenta ng lakas-paggawa para mabuhay at sa walang patumanggang pagpiga ng kapital.

Sa hibang na paghahabol sa tubo, nabubulid ang kapitalistang lipunan sa krisis ng labis na produksyon. Ang paglawak ng pamilihan ay hindi na makaagapay sa pagpapalawak ng produksyon. At dahil hindi kayang lutasin ng sistemang kapitalista, ang krisis ng labis na produksyon ay nagiging pana-panahon at ang produksyong kapitalista ay kinatatangian ng paulit-ulit na salitan ng mga panahon ng kasaganaan at mga panahon ng pagbagsak. Kailangan ang pagsulong sa mas maunlad na sistemang sosyalista para maalpasan ang krisis ng kapitalismo at higit pang mapaunlad ang produksyon at lipunan.

✍ Tingnan din ang diskusyon sa kapitalismo sa paksang **EKONOMYANG PAMPULITIKA** at **IMPERYALISMO**.

✍ Ang sistemang sosyalista ay tatalakayin sa Seksyon E ng kasalukuyang paksa.

**4. Paano nagaganap ang pagbagsak ng lumang sistemang pang-ekonomya at ang pagpalit ng bago?**

Sa kasaysayan ng mga lipunang may uri, ang buhay ng bawat sistemang pang-ekonomya ay mahahati sa panahon ng pagsibol at pagsulong, at sa panahon ng paghina hanggang sa pagbagsak.

Ang unang panahon ay panahon ng pagpapalaganap at pagpapalakas ng bagong sistema, ng pagtugma ng mga bagong relasyon sa produksyon sa higit na pag-unlad ng mga pwersa ng produksyon. Habang gayon ang sitwasyon, ang bagong sistema ng pagmamay-ari sa mga kagamitan sa produksyon at paghahati ng mga produkto ay nagpapasulong sa produksyon at kabuhayan. Ang bagong sibol na uring kumakatawan ng mga bagong relasyon sa produksyon ay nagsisilbing ahente ng kaunlaran at tagapagpalaya ng mga pwersa ng produksyon mula sa lipas nang mga relasyon sa produksyon. Ito ang panahon ng kasiglahan ng bagong sistema ng ekonomya.

Sa patuloy na pagsulong ng mga pwersa ng produksyon, dumadating ang yugto na nagiging sagabal na sa pagsulong ang dating mga relasyon sa produksyon. Sa panahong ito, ang lipas nang mga relasyon sa produksyon ay di lang pumipigil sa pag-unlad ng produksyon at ng mga uring nagtatrabaho, kundi pumipinsala pa sa mga ito. Kaya buong linaw na nalalantad at tumatampok ang tunggalian ng mga uring nagsasamantala at pinagsasamantalahan. Ang buong lipunan ay binabagabag ng malalalim na dislokasyon sa kabuhayan at ng malalaking labanan, na maaalpasan lamang sa pamamagitan ng pagwasak sa lumang sistemang pang- ekonomya. Ito ang panahon ng pagbagsak ng ekonomya ng isang lumang sistema ng lipunan. Ito ang panahon ng pagrerebolusyon.

Ang panahon ng kasiglahan ng sistemang kapitalista ay hanggang ika-18 siglo nang ang mga bagong relasyong kapitalista ay katugma ng mga umuunlad na pwersa ng produksyon. Ang bawat malaking pagsulong sa produksyon noon ay naganap sa tulak ng burgesya at lalong nagpalakas sa burgesya. Dumaan sa maraming pasikut-sikot at mga pagsulong at pag-atras ang pakikipaglaban ng bagong-sibol na kapitalismo sa huklubang pyudalismo. Pero ang marahas na

tunggaliang ito ay humantong, sa kalaunan, sa ganap na pagbagsak ng sistemang pyudal at ganap na pangingibabaw ng sistemang kapitalista.

Pagdating ng ika-18 siglo natayo ang mga higanteng industriya, ang modernong produksyong gumagamit ng modernong makinarya. Lumitaw ang modernong burgesya, mga milyonaryong ang bawat isa’y kumukontrol sa ilampung libong manggagawa at nagtatamasa ng walang katulad na kapangyarihan sa ekonomya at sa buong lipunan. Ganap na ang pangingibabaw ng kapitalismo sa mga pinakamaunlad na bansa. Iyon na rin ang umpisa ng pagdausdos ng kapangyarihan ng kapitalismo at burgesya.

Noong ika-19 siglo lumitaw na ang mga krisis ng labis na produksyon na pana-panahong dumarating, nagbabantang magwasak sa buong lipunang kapitalista, at higit na tumitindi habang lumalaon. Sa panahon ng krisis, natatambak ang mga produkto at itinitigil ang pagtakbo ng mga pabrika’t makinarya, inaalis sa trabaho at hinahayaang magutom ang libu-libong manggagawa habang sukdulang pinatitindi ang paghuthot sa iba pa. Ibayong tumitindi ang labanan ng mga kapitalista. Ang mga ito’y walang iba kundi mga palatandaan na nagrerebelde na ang mga modernong pwersa ng produksyon laban sa sistemang kapitalista, at naggugumiit na silang makalaya rito.

Ang mga pagsisikap ng burgesya na makaalpas sa krisis ng labis na produksyon ay humantong pagpasok ng ika-20 siglo sa pamamayani ng monopolyong kapitalismo, kapital sa pinansya at oligarkiya sa pinansya. Ito ang yugto ng imperyalismo, ang pinakahuli, bulok at parasitikong yugto ng kapitalismo. Ang kayamanan at kapangyarihang pang-ekonomya ay nakakonsentra sa kamay ng kakarampot na oligarko sa pinansya. Gayunman, nagpatuloy ang panapanahong pananalasa ng krisis ng labis na produksyon. Sumiklab ang mararahas na alitan ng mga imperyalistang kapangyarihan na humantong sa 2 digmaang pandaigdig.

Sa kabilang banda, sa bawat pagsulong at paglakas ng burgesya ay sumusulong at lumalakas din ang proletaryado, ang pwersang maglilibing sa sistemang kapitalista at siyang kumakatawan sa bago at mas maunlad na sistema: ang sosyalismo. Ang mga palatandaan ng paglakas ng proletaryado ay makikita sa patuloy na pagdami ng mga manggagawa hanggang sila na ang maging malaking mayorya sa lipunan, sa patuloy na paglaki ng konsentrasyon nila sa mga kabayanan at syudad, at higit pa, sa paglawak at paglakas ng nagsasariling mga organisasyon nila at pag-unlad ng kakayahan nilang makibaka sa burgesya sa iba't ibang larangan.

Lumitaw ang rebolusyonaryong teorya ng Marxismo noong ika-19 siglo. Mas naging mulat at laganap ang pakikibaka ng proletaryado para palayain ang sarili at lipunan mula sa mga kabaluktutan at kabulukan ng sistemang kapitalista at itayo ang sosyalismo. Ang pagtatagumpay ng Rebolusyong Sosyalista sa Rusya noong 1917 ay hudyat na pumasok na ang sangkatauhan sa panahon ng sosyalistang rebolusyon; ang daloy ng kasaysayan ay kumakatig na sa panig ng proletaryado.

**5. Ano ang papel ng mga uring anakpawis at pinagsasamantalahan sa pagsulong ng produksyon at ng lipunan?**

Ang mga uring anakpawis at pinagsasamantalahan ang tunay na bumubuhay sa lipunang may mga uri. Ang kanilang lakas, kakayahan at talino ang bukal ng kabuhayan ng lipunan.

Mula sa kanilang karanasan sa produksyon, natutuklasan ang mas mauunlad na kasangkapan at pamamaraan sa produksyon. Nasa kaibuturan ng pagsulong ng lipunan—mula sa kalagayang barbaro hanggang sa kasalukuyang makapangyarihan, malakihan at masaganang produksyon—ang mga uring anakpawis at pinagsasamantalahan.

Dahil sila'y pinagsasamantalahan, ang mga uring anakpawis ang unang nakakadama ng mga hambalos ng anumang dislokasyon sa sistema ng ekonomya. Sila ang pinakamatinding pinahihirapan ng krisis sa kabuhayan ng isang lipas na sistema na sumasagka sa

pagluwal ng mas maunlad na relasyon sa produksyon at mas abanteng sistema ng lipunan.

Kaya't sa mahabang kasaysayan ng lipunan ng tao, ang mga uring anakpawis at pinagsasamantalahan ang pangunahing pwersang kumikilos para pasulungin at paunlarin ang lipunan. Sila ang tunay na tagapaglikha ng kasaysayan.

**6. Ano ang papel ng mga mapagsamantalang uri sa pagsulong ng produksyon at ng lipunan?**

Habang nakikipaglaban pa para maitatag at makonsolida ang sistemang kinakatawan nila, gumaganap ng progresibong papel sa lipunan ang bawat mapagsamantalang uri sa kasaysayan. Pinalalaya nila ang mga pwersa sa produksyon mula sa pagsikil ng lumang mga relasyon sa produksyon. Pinauunlad nila ang mga pwersa sa produksyon.

Pero kapag nakonsolida na ang kanilang paghahari at sumibol na ang bago at mas maunlad na mga pwersa at relasyon sa produksyon, gumaganap na ng reasksyunaryong papel ang mga mapagsamantalang uri. Sinasagkaan nila ang lalong pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, pinipinsala ang mga ito, at hinahadlangan ang anumang makabuluhang pagbabago sa lipunan.

Habang nakikipaglaban pa sa uring panginoong maylupa para maitayo ang paghahari ng kapital sa lipunan, ang uring burges ay masigla at para sa kaunlaran. Saanman ito nagtagumpay na wasakin ang huklubang pyudalismo, pinalaya nito ang mga pwersa sa produksyon sa pagkakasikil at kawalan ng pag-unlad, at pinasigla ang produksyon at kabuhayan sa kahanga-hangang bilis.

Pero mula nang mangibabaw na ang paghahari ng burgesya sa maraming bayan sa Europa at Amerika, at hanggang sa buong daigdig, tumingkad nang tumingkad ang reaksyunaryong katangian nila. Naging pangunahing interes na nila ang lalong pagpapatindi sa pagsasamantala at mahigpit na pagpigil sa anumang pundamental na pagbabago sa lipunan.

## K. Estado at Rebolusyon

**1. Ano ang estado?**

Sa panlabas na anyo nito, ang estado ay isang espesyal na organo na binubuo ng mga armadong pangkat at gobyerno, nagpapairal at nagpapatupad ng mga batas, at nangingibabaw sa lipunan sa isang takdang teritoryo.

Pero sa esensya, ang estado ay marahas na instrumento ng makauring paghahari at diktadura, isang organo para sistematikong ipagtanggol ang makauring interes ng mga naghaharing uri at supilin ang mga pinaghaharian. Sa lipunang ang mga uring mapagsamantala ang nangingibabaw sa kabuhayan , ang estado ay sandata para bigyang-proteksyon at itaguyod ang interes ng mga nagsasamatala laban sa mga pinagsasamantalahan.

Ang estado ng lipunang alipin ay diktadura ng mga panginoon laban sa mga alipin. Ang estado ng lipunang pyudal ay diktadura ng mga panginoong maylupa laban sa mga magsasaka. Ang estado ng lipunang kapitalista ay diktadura ng burgesya laban sa proletaryado. Ang estado ng kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino ay diktadura ng imperyalismong US, malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa, laban sa sambayanang Pilipino.

**2. Kailan lumitaw ang estado sa kasaysayan ng lipunan?**

Noong nabubuhay pa ang tao sa mga primitibong komunidad, may mga organo o mga indibidwal na namamahala para sa buong komunidad at nagbabantay sa mga salungatan ng interes ng mga indibidwal. Halimbawa, may mga grupong namamahala sa patubig sa ilang lugar, nangunguna sa pagdadaos ng mga seremonya sa relihiyon, at nag-aayos ng mga personal na alitan. Narito na ang binhi ng estado, pero hindi pa ito ang ganap na pagsilang ng estado sa lipunan.

Nang sumilang ang mga uri, mga panginoon at alipin, at sumibol ang kanilang tunggalian, ganap na sumibol din ang estado sa lipunan.

Ang estado ay bunga ng di mapagkakasundong mga antagonismo sa pagitan ng mga uri sa lipunan. Ang estado, gaya ng mga sinaunang organong nabanggit sa itaas, ay tumutugon sa mga serbisyong kailangan ng lipunan. Pero, di tulad ng mga organong ito, ang pangunahing gawain na ng estado ay panatilihin ang umiiral na kaayusan sa pamamagitan ng pagsupil at pag-api sa mga uring pinagsasamantalahan.

Ang estado ay naiiba sa organisasyon ng mga tribu o angkan ng primitibong komunidad sa sumusunod na mga aspeto:

a) **Paggugrupo-grupo ng mga nasasakupan ayon sa pagkakahating teritoryal**. Naganap ito matapos ang matagal at maigting na pakikibaka sa lumang anyo ng pagpapangkat-pangkat batay sa tribu o angkan.

b) **Pagtatatag ng hiwalay na kapangyarihang publiko na organisado bilang armadong pwersa at may mga institusyong pampwersa tulad ng mga preso, hukuman, batas at burukrasya.** Sa primitibong komunidad, ang tanggulan ay binubuo ng mga boluntaryong armadong organisasyon ng populasyon, at ang salungatan ng mga indibidwal ay inaayos sa pamamagitan ng opinyong publiko.

k) **Pangingibabaw ng mga opisyal sa lipunan.** May mga espesyal na batas laban sa paglapastangan sa mga opisyal, at nagbibigay sa kanila ng kapangyarihang magpataw ng buwis. Sa primitibong komunidad, ang awtoridad ng pinuno ay nakasalalay sa kusang paggalang ng lipunan.

Ang estado ay likas sa lipunang nahahati sa mga uri. Ginagamit ng iilang mapagsamantala ang dahas ng estado para panatilihin ang kanilang paghahari at itaguyod ang kanilang makauring interes laban sa maraming pinagsasamantalahan.

Ang relasyon sa estado ay isa pang saligang batayan ng pagkakahati ng lipunan sa mga uri. Bukod sa pagkakahati sa mga nagsasamantala at pinagsasamantalahan, ang makauring lipunan ay nahahati sa mga nang-aapi at inaapi, sa mga naghahari at pinaghaharian.

**3. Bakit sinabi ni Marx na “ang lahat ng tunggalian ng mga uri ay tunggalian sa pulitika”?**

Laging bahagi ng pagtutunggalian ng mga uri ang usapin ng pagkontrol sa kapangyarihan ng estado.

Sentral na usapin sa anumang rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan ang pagbabagsak sa lumang kapangyarihan ng estado at pagtatayo ng bago. Hindi ganap na maibabagsak ang isang lipas na sistemang pang-ekonomya nang hindi ginagapi ang kapangyarihan ng estado na nagtatanggol dito. Hindi rin ganap na makakapangibabaw ang isang bagong sistemang pang-ekonomya hangga’t hindi naitatayo ang estadong nagtataguyod at nagtatanggol dito.

Malinaw ito sa karanasan ng masang pinagsasamantalahan at inaapi sa Pilipinas. Sa anumang pagkilos para ganap na mabago ang kanilang katayuan, nakakaharap ng masa ang marahas at mapaniil na estado na kontrolado ng imperyalismong US, malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa. Sentral na tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas na wasakin ang makinarya ng reaksyunaryong estado at itayo ang demokrasyang bayan.

Kaya para makabuluhan at mabisang makitunggali sa mga nagsasamantala, ang mga uring pinagsasamantalahan ay dapat matutong makitunggali sa larangan ng pulitika, sa larangan ng pag-agaw at pagkontrol sa kapangyarihan ng estado. Mapagpasya kung gayon ang papel ng rebolusyonaryong partido o organisasyong kumakatawan at namumuno sa pakikibaka ng mga uring pinagsasamantalahan at inaapi para agawin ang kapangyarihan ng estado.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay ang partidong pampulitika na kumakatawan sa makauring interes ng proletaryado. Pinamumunuan nito ngayon ang demokratikong rebolusyong bayan para agawin ang kapangyarihang pulitikal para sa kapakanan ng uring manggagawa, magsasaka at iba pang uring pinagsasamantalahan at inaapi.

### 4. Ano ang rebolusyon?

Sabi ni Mao Zedong: "Ang rebolusyon ay isang pag-aalsa, isang marahas na hakbang para ibagsak ng isang uri ang isa pang uri." Dagdag pa: "Nagmumula sa baril ang kapangyarihan sa pulitika."

Isang marahas na hakbang ang rebolusyon. Para ibagsak ang naghaharing estado, kailangang gapiin ang sandatahang lakas na pinakahaligi nito. Ang lahat ng dakilang rebolusyon sa kasaysayan, tulad ng Rebolusyong Oktubre noong 1917 sa Rusya, at ng pambansa-demokratikong rebolusyon ng sambayanang Tsino at ng mga sambayanang Indotsino, ay pawang sumentro sa usapin ng pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng dahas.

May dakila at pundamental na papel ang mga rebolusyon sa pagsulong ng kasaysayan. Sabi ni Marx: "Ang dahas ang komadrona ng bawat lumang lipunang magsisilang na ng bago." Ang rebolusyon ay kasangkapan sa pagsulong ng lipunan para igiit ang kaunlaran at durugin ang patay at lipas na mga sistemang pang-ekonomya at pampulitika. Kung walang mga rebolusyon, walang tunay na pag-unlad na magaganap sa mahabang kasaysayan ng lipunan.

### 5. Ano ang papel ng masang api sa lahat ng dakilang rebolusyon?

Ang lahat ng dakilang rebolusyon ay ipinagtagumpay ng masang api na nagpasyang hawakan ang sariling kapalaran. Sa lahat ng dakilang rebolusyon, ibinagsak ng armadong mamamayan ang paghahari ng mga nagsasamantala at nang-aapi sa kanila.

Natural na magsimula sa maliit at mahina ang pwersa ng isang rebolusyonaryong kilusan. Para makapag-ipon ng lakas na ipandudurog sa makapangyarihan at establisadong kaaway,

kailangang umasa sa malawak na masa ng sambayanan. Ipinapakita ng mga dakilang rebolusyon na ang masa ng sambayanan ang di matutuyuang balon ng lakas at kapangyarihan laban sa mga mapagsamantala at mapang-api. Sa panahon ng rebolusyon, higit pang napapatunayan na ang masa ang tunay na bayani at tagapaglikha ng kasaysayan.

Bago ang proletaryong rebolusyon, ang mga nakaraang rebolusyon ay mga pakikibaka ng malawak na masa, sa saligan, at totoong nakapagpasulong sa lipunan. Pero dapat linawin na ang mga iyon ay nagsilbi para iluklok sa kapangyarihan ang isang maliit na bahagi lamang ng populasyon—bago at mas maunlad ngang naghaharing uri, pero mga uring nagsasamantala rin. Sa nakaraang kasaysayan ng sibilisasyon ay nangibabaw ang mga uring nagsasamantala dahil hindi pa napapanahon ang lubos na pangingibabaw ng mga uring pinagsasamantalahan.

Sa pagsilang ng modernong proletaryado, lumitaw din sa unang pagkakataon sa kasaysayan ang mga kalagayan para sa pagtatagumpay ng rebolusyong hindi lamang magpapakilos sa mayorya ng populasyon kundi tunay ring magtatatag ng paghahari ng mayorya. Sa buong kasaysayan, tanging ang proletaryado ang uring makalalaya lamang sa pamamagitan ng pagpapalaya sa buong sangkatauhan. Ito ang esensyal na pagkakaiba ng kasalukuyang rebolusyong proletaryo sa lahat ng naunang rebolusyon sa kasaysayan.

## D. Kultura at Rebolusyon sa Kultura

### 1. Saan nagmumula ang mga kaisipan, ideya at paniniwala na laganap sa isang lipunan?

Ang mga kaisipan, ideya at paniniwala na lumalaganap sa isang lipunan ay mula sa mga karanasan at pagkilos ng tao sa produksyon at sa pakikipagrelasyon sa isa't isa.

Sa lipunang nahahati sa mga uri, ang pag-iisip ng bawat tao ay may tatak ng kanyang uri. Ang mga kaisipan, ideya at paniniwala sa isang

lipunang may mga uri ay nakabatay, sumasalamin at kumakatawan sa mga interes sa ekonomya at pulitika ng uring nagpapalaganap ng mga iyon.

Tingnan natin kung paano ito makikita sa usapin ng pagkapantay-pantay.

Sa lipunang alipin at pyudal, mayroon nang lumaganap na mga ideya hinggil sa pagkapantay-pantay. Ipinalaganap ng mga panginoong nang-aalipin at ng mga panginoong maylupa na sa loob lamang ng naghaharing uri pwedeng maging pantay-pantay ang mga indibidwal, at di kailanman pwedeng magkapantay ang naghahari at pinaghaharian. Katwiran nila'y likas na may maghari at pagharian, may mga dugong bughaw at may dugong karaniwan.

Noong nakikibaka pa ang burgesya sa paghaharing pyudal, itinaguyod nila ang pagkapantay-pantay ng lahat ng tao sa pulitika. Nais nilang wasakin ang monopolyo ng uring panginoong maylupa sa kapangyarihang pampulitika. Nais din nilang putulin ang pagkakatali sa lupa at sa mga panginoong pyudal ng mga magsasaka at artisano, para malayang makapagbenta ng kanilang lakas-paggawa sa mga kapitalista. Kaya itinaguyod ng burgesya ang pagkapantay-pantay sa mga karapatang pampulitika ng lahat ng tao. Sa halip na maglagay ng mga restriksyong pampulitika, ginamit ng burgesya ang kapangyarihan ng salapi at kontrata para itali ang mga manggagawa sa pabrika. Ngayong pabagsak na ang sistemang kapitalista, kahit ang karapatan sa pagkapantay-pantay sa pulitika ay binabale-wala na ng malaking burgesya. Gumagamit ito ng pinakamarahas na mga paraan para sikilin ang mga demokratikong karapatan ng mga manggagawa at mamamayan.

May sariling adhikain sa pagkapantay-pantay ang proletaryado. Sa halip na hanggang pulitika lamang, itinataguyod nito ang pagkapantay-pantay hanggang sa larangan ng ekonomya at relasyong sosyal. Ang pagkapantay-pantay na ipinaglalaban ng proletaryado ay katumbas ng pagpawi ng mga uri sa lipunan, dahil ang pagkakahati sa mga uri ang tunay na ugat ng kawalan ng pagkapantay-pantay.

**2. Kaninong kultura ang naghahari sa lipunang may mga uri?**

Ang kultura ng lipunang may mga uri ay ang kultura ng uring humahawak ng kapangyarihan sa ekonomya at pulitika. Dahil hawak ng mga naghaharing uri ang mga institusyon sa kultura, ang kanilang mga kaisipan, ideya at paniniwala ang namamayani sa buong lipunan. Kaya kahit ang mga uring pinaghaharian ay naiimpluwensyahan ng kultura ng mga naghaharing uri.

Sa ilalim ng mga kolonyalistang Espanyol, ang kulturang lumaganap sa Pilipinas ay ang kanilang kulturang kolonyalista at pyudal. Ang Simbahang Katoliko ang pangunahing institusyon sa kultura at edukasyon na nagpalaganap ng kulturang ito.

Sa kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, nangingibabaw ang kulturang kolonyal at burges samantalang patuloy na laganap ang kulturang pyudal. Pangunahing ginagamit ang mga iskwelahan, dyaryo, radyo, telebisyon, pelikula at tanghalan, samantalang mahalagang kasangkapan pa rin ang simbahan at relihiyon. Ang mga kaisipang ipinalalaganap ay ang kaisipang kolonyal, burges at pyudal.

**3. Ano ang papel ng rebolusyonaryong teorya at kultura sa pagbabago ng lipunan?**

Ang mga lumang ideya at teorya ay sumasagka sa pag-unlad ng lipunan. Ipinagtatanggol ng mga ito ang lumang sistemang pang-ekonomya at pampulitika at ang paghahari ng mga lipas at reaksyunaryong uri. Ang bago at maunlad na mga ideya at teorya naman ay nagsisilbi sa interes ng bagong sistema at mga progresibong uri. Binibigyang-daan ng mga ito ang pagsulong ng lipunan.

Higit pang makapangyarihan at mahalaga ang mga bagong ideya at teorya habang mas eksaktong sinasalamin ng mga ito ang aktwal na pangangailangan ng rebolusyonaryong transpormasyon sa ekonomya at pulitika. Pinalalaya ng mga bago at rebolusyonaryong ideya at teorya ang pag-iisip ng mga uring pinaghaharian at pinagsasamantalahan. Nililinaw at inuugat ng mga ito ang mga

kabulukang umiiral, at ipinapakita ang patutunguhan ng rebolusyonaryong pagsisikap ng mga api't pinagsasamantalahan. Kaya ang mga bago at rebolusyonaryong ideya at teorya ay nakakapag-organisa at nakakapagpakilos sa mga rebolusyonaryong pwersa.

Dahil umaangkop sa mga aktwal na pangangailangan ng pagsulong ng lipunan at sa mga pinakamatayog na mithiin ng malawak na masang nagnanais makalaya sa lumang sistema ng ekonomya at pulitika, ang mga rebolusyonaryong ideya at teorya ay lalaganap at mangingibabaw anumang pagpigil ang gawin ng mga naghaharing uri at mga ahente nila sa larangan ng kultura. Sa simula, iilang palaaral lamang ang tumatangkilik sa mga rebolusyonaryong ideya at teorya. Ngunit dumarating ang panahon na ang mga ito'y nakakaantig at nakakapagpakilos sa masa at ang mga ito'y nagiging makapangyarihang pwersa. Ayon kay Marx: "Nagiging materyal na pwersa ang teorya kapag ito'y niyakap ng masa."

Sa kabilang banda, imposibleng maganap ang rebolusyonaryong pagbabago kapag walang tumatanglaw na rebolusyonaryong ideya at teorya. Imposibleng mapalitaw, mapagbuklod at mapakilos ang pwersang magrerebolusyon nang walang paghahanda sa opinyong publiko para sa rebolusyon, nang hindi pinalalaya at pinagbubuklod ang pag-iisip ng mga pwersang magsusulong ng rebolusyon. Sabi ni Lenin: "Kung walang rebolusyonaryong teorya, walang rebolusyonaryong kilusan."

Mapagpasya ang papel sa rebolusyong Pilipino ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong bilang rebolusyonaryong teorya ng uring proletaryo. Ito ang pinakasulong na teorya sa daigdig ngayon at pumapatnubay sa kasalukuyang demokratikong rebolusyong bayan at sa susunod na sosyalistang rebolusyon.

Para mapalaya ang pag-iisip ng masang Pilipino sa gapos ng reaksyunaryong kulturang kolonyal, burges at pyudal, kailangang masigla at mulat na palaganapin sa masa ng sambayanan ang rebolusyonaryong kulturang pambansa, siyentipiko at makamasa.

## E. Sosyalismo at Diktadura ng Proletaryado

### 1. Saan tumutungo ang kasaysayan ng lipunang may mga uri?

Ang kasaysayan ng lipunang may mga uri ay tumutungo sa komunismo, ang lipunang walang uri. Ito ay itinatakda ng obhetibong pag-unlad ng produksyon at lipunan pagdating sa sistemang kapitalista.

Sa sistemang kapitalista, patuloy na umuunlad ang sosyalisadong katangian ng produksyon: patuloy na lumalawak at humihigpit ang ugnayan at kooperasyon ng buong lipunan (hindi lamang sa isang bansa kundi sa buong daigdig) para malikha ang mga produkto, at patuloy na tumataas ang antas ng pagkakaorganisa ng bawat pabrika. Ang ganitong mga katangian ang dahilan ng mabilis na pag-unlad ng produksyon sa sistemang kapitalista.

Pero sa kabilang banda, ang kalakhan ng mga produktong likha ng tulung-tulong na pagtatrabaho ng buong lipunan ay inaangkin ng iilang kapitalista para sa sariling kapakanan. Sa kabuuan ng lipunan, ang nagdidikta sa kabuuang takbo ng produksyon ay ang pamilihan, kumpetisyon at kawalan ng organisasyon.

Ang kontradiksyong ito ang pinagmumulan ng mga krisis ng labis na produksyon sa kapitalismo. Habang bumibilis ang pag-unlad ng produksyon, lalong lumalaki ang panganib na pumutok ang krisis ng labis na produksyon. Higit pa, habang bumibilis ang pag-unlad ng produksyon, dumarami ang manggagawa na aktwal o nanganganib na mawalan ng trabaho at magutom. Ibig sabihin, naabot na ng mga pwersa ng produksyon ang kasukdulan ng pag-unlad na magagawa sa loob ng relasyong kapitalista. At kasabay nito, tumitingkad ang reaksyunaryong katangian ng paghahari ng burgesya sa harap ng mga rebolusyong sosyalista, paglakas ng kilusang proletaryo at paglaganap ng Marxismo-Leninismo. Bangkarote na ang burgesya sa ekonomya, pulitika at kultura.

Para mabigyang-laya ang patuloy na pagsulong ng pwersa sa produksyon, kailangang alisin ang mga sagkang bunga ng kapitalistang relasyon—ang pribadong pag-angkin sa produkto ng

lipunan, ang pangingibabaw ng pamilihan, at ang kumpetisyon. Kaya ang mga kagamitan sa produksyon ay kailangang gawing pag-aari ng buong lipunan. Ang produksyon ay kailangang planuhin ng buong lipunan ayon sa pangangailangan ng kabuuan at ng mga indibidwal. Ibig sabihin, pawiin ang pribadong pag-aari at ang kawalan ng organisasyon sa produksyon ng lipunan. At kung gayon, pawiin ang pagkakahati ng mga tao sa mga uri.

Ang komunismo ay nangangahulugan ng paglaya ng sangkatauhan mula sa pagsasamantala ng tao sa tao, ng paglaya ng mga pwersa sa produksyon mula sa mga sagka ng pribadong pag-aari, at ng paglaya ng lipunan sa mga mapaminsalang labanan na nagmumula sa labanan ng mga uri. Iiral ang sama-samang paggawa para sa kapakanan ng lahat at ng bawat isa, masigla't tuluy-tuloy na uunlad ang produksyon, at lubusang mapapawi ang paghihikahos, pagkabusabos at kamangmangan. Ang tao ay mulat at kusa nang magbabago ng sarili at ng daigdig.

**2. Ano ang sosyalismo?**

Ang sosyalismo ang maagang yugto ng komunismo. Sa pamamagitan ng pagbabagsak sa paghahari ng burgesya, itatayo ng proletaryado ang lipunang sosyalista at isusulong ito hanggang sa lubos na marating ang komunismo.

Ang sosyalismo ay sumasaklaw ng mahabang panahon sa pagitan ng kapitalismo at komunismo. Dito'y mayroon pang mga uri at tunggalian ng mga uri. Dala-dala pa nito ang mga tatak ng lumang lipunan at kailangan ang matatag na pakikibaka para ganap na mapawi ang mga ito at mapigilan ang peligro ng panunumbalik ng kapitalismo at diktadura ng burgesya.

Sa panahon ng imperyalismo, ang mga rebolusyon sa malakolonyal at malapyudal na lipunan ay bahagi ng proletaryong rebolusyong sosyalista. Pinahihina nito ang pandaigdigang sistemang kapitalista; walang ibang landas sa pag-unlad nito kundi ang sosyalismo. Sa pamumuno ng rebolusyonaryong proletaryado, ang pambansang demokratikong rebolusyon sa mga kolonya at malakolonya ay unang

yugto lamang ng dalawang yugtong rebolusyon. Kagyat itong susundan ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon matapos magwagi.

Ang pangunahing nilalaman ng proletaryong rebolusyong sosyalista ay ang pagtatayo ng diktadura ng proletaryado—ang pagwasak sa estadong burges at pagtatayo ng estadong proletaryo. Masisimulan lamang ang ibang tungkulin sa sosyalistang konstruksyon pagkatapos maitayo ang estadong sosyalista, ang diktadura ng proletaryado. Sa pamamagitan ng bagong estado pinipigilan ng proletaryado na makabalik sa kapangyarihan ang burgesya at mga panginoong maylupa. Inilalatag din ang lahat ng pangangailangan para maitatag ang komunismo.

Ang sosyalistang ekonomya ang naghahanda ng materyal na batayan para pawiin ang mga uri at itatag ang komunismo. Pangunahing tungkulin ng sosyalistang rebolusyon sa larangan ng ekonomya ang pagtatransporma ng mga kasangkapan ng produksyon tungong pag-aari ng buong lipunan at hindi na kapitalistang pag-aari. Pinaplano ang ekonomya ng buong lipunan; kinokontrol ang pamilihan hanggang ganap na maiwaksi ang papel nito. Ang transpormasyong ito ay magdudulot ng ibayong pag-unlad sa produksyon.

Pinag-iisa ang industriya at agrikultura sa pamamagitan ng mulat na paggamit ng makabagong teknolohiya at kolektibong paggawa sa agrikultura, at sa tulong ng pag-aayos ng distribusyon ng populasyon. Pinapalitan ng kolektibo at modernong paraan ang mga labi ng maliitan at hiwa-hiwalay na produksyon ng maliliit na magsasaka at artesano. Ang transpormasyon ng agrikultura ay tinutupad, hindi sa sapilitang paraan, kundi sa pamamagitan ng matiyagang edukasyon at hakbang-hakbang na pagpapaunlad sa kooperasyon at kolektibisasyon.

Dahil kontrolado na ng mamamayan ang ekonomya, ang bunga ng pag-unlad nito ay tatamasahin nilang lahat. Sa sosyalismo, nangingibabaw ang prinsipyong “magbibigay ang bawat isa ayon sa

kanyang makakaya, bibigyan ang bawat isa ayon sa kanyang nagawa".

Ang kultura ng lipunang sosyalista ay pinapatnubayan ng wasto at siyentipikong ideolohiya ng proletaryado, ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Sa pamamagitan ng proletaryong rebolusyon sa kultura, binabaka sa sosyalistang lipunan ang mga gawi, pamahiin at tradisyong pamana ng lumang lipunan. Pinalalaya ang pag-iisip ng mamamayan para sa buong husay na pagsulong ng rebolusyon at konstruksyong sosyalista.

### 3. Ano ang diktadura ng proletaryado?

Ayon kay Lenin: "Ang diktadura ng proletaryado ay ang paghahari—na hindi nahahanggahan ng batas, at nakabatay sa dahas—ng proletaryado sa burgesya, paghaharing nagtatamasa ng simpatiya at suporta ng masang anakpawis at pinagsasamantalahan."

Bilang estado na kasangkapan ng naghaharing uri para supilin ang paglaban ng mga katunggaliang uri, ang diktadura ng proletaryado ay walang pagkakaiba sa diktadura ng iba pang uri—dahil ang proletaryong estado ay kasangkapan para supilin ang burgesya, uring panginoong maylupa at iba pang uring reaksyunaryo.

Pero dahil ito'y diktadura ng pinagsasamantalahang mayorya laban sa mapagsamantalang iilan, naiiba sa esensya ang proletaryong estado sa mga naunang diktadura ng iilang mapagsamantala laban sa pinagsasamantalahang mayorya. Ang demokrasya sa ilalim ng diktadura ng proletaryado ay proletaryong demokrasya, isang demokrasya ng pinagsasamantalahang nakararami, batay sa pagsikil sa mga karapatan ng mapagsamantalang iilan at nakatutok sa iilang ito.

Ang pagwasak sa makinarya ng estadong burges at ang pagtatatag ng diktadurang proletaryo ang sentral na layunin ng pakikibaka ng proletaryado. Sa tagumpay ng layuning ito nakasalalay ang iba pang mga tungkulin ng rebolusyong sosyalista.

Ang pangunahing tungkulin ng diktadura ng proletaryado ay:

a. durugin ang paglaban ng mga panginoong maylupa at kapitalista na ginapi at kinumpiskahan ng rebolusyon; biguin ang lahat ng pagtatangka nilang makabalik sa kapangyarihan;

b. organisahin ang konstruksyong sosyalista sa pamamagitan ng pagpapakilos sa masang anakpawis sa pamumuno ng proletaryado, at ipatupad ang konstruksyong sosyalista bilang paghahanda sa pagpawi ng mga uri;

k. bigyan ng bagong edukasyon ang masang magsasaka, intelektwal at iba pang petiburges para mapangibabawan nila ang mga gawi at tradisyong burges at tangkilikin nila ang proletaryong estado; tulad din ng pangangailangang edukahin ang proletaryado mismo para talikdan nila ang lahat ng mapaminsalang impluwensyang petiburges; at

d. armasan ang rebolusyon, organisahin ang armadong hukbo ng rebolusyon upang magtanggol laban sa mga pananalakay ng imperyalismo.

Bagamat taglay ng diktadura ng proletaryado ang ilang katangian ng mga naunang estado sa kasaysayan, hindi na ito ang ganap na estado. Pundamental na naiiba ang sandatahang lakas nito sa mga ispesyal na sandatahang pangkat ng naunang mga estado. Inaarmasan ang buong populasyon at pinapakilos nang malawakan ang mamamayan bilang bahagi ng hukbong bayan, para ipagtanggol ang lipunang sosyalista. Ang mga opisyal ng proletaryong estado ay di na mga burukratang may pribilehiyo, na nakapangingibabaw sa lipunan. Sila'y mga ordinaryong manggagawa na ihinahalal ng mamamayan at may ganap na responsibilidad sa mamamayan. Pwede silang palitan ng mamamayan kahit kailan, at tumatanggap sila ng sahod na katulad ng sa ordinaryong mamamayan. Lumalahok ang mamamayan sa pamamahala sa araw-araw, sa pamamagitan ng mga komiteng rebolusyonaryo nila.

Sa patuloy na pagsulong ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon, unti-unting maglalaho ang estadong proletaryo. Ang papel nito bilang kasangkapan para sa sistematikong pagsupil sa burgesya ay liliit nang liliit hanggang mawala, kaalinsabay ng hakbang-hakbang na pagkapawi ng mga uri at tunggalian ng mga uri sa lipunan at pananagumpay ng proletaryong rebolusyon laban sa imperyalismo sa pandaigdigang saklaw. Sa maunlad na yugto ng komunismo, magiging lubos ang paglalaho nito.

## Mga Sanggunian:


1. Marx at Engels, **MANIPESTO NG PARTIDO KOMUNISTA**
2. Engels, **ANG SOSYALISMONG SIYENTIPIKO AT UTOPYAN**
3. Lenin, **ESTADO AT REBOLUSYON**
4. Lenin, *“Si Karl Marx”*
5. Stalin, **ANG MGA PUNDASYON NG LENINISMO**